**PANUKALANG PANGKARAPATAN NG KASAPI SA EXPERIMENTO**
**Mga Pagsusuring Medikal**

**Ang mga karapatang nakalahad sa ibaba ay ang mga karapatan ng bawa't taong inimbitang sumapi sa isang pagsusuring medical. Bilang isang kasapi sa pagsusuri, kayo ay may mga sumusunod na karapatan:**

1) Na masabihan kung ano ang nais malaman sa pagsusuri.

2) Na masabihan kung ano ang mangyayari sa inyo at kung ang anuman sa mga pamamaraan, droga, o kagamitan ay naiiba sa kung ano ang ginagamit sa pangkaraniwang gawi.

3) Na masabihan tungkol sa madalas at/o mahalagang panganib, epekto, o pagkabalisa na maaaring mangyari sa inyo para sa layunin ng pagsusuri.

4) Na masabihan kung mayroon kayong maaaring asahang benepisyon sa pagsapi at kung mayroon, ano ang mga benepisyong iyon.

5) Na masabihan tungkol sa inyong ibang mapipili at kung ito ay makabubuti o makasasama sa inyo kaysa sa maidudulot ng inyong pagsapi sa pagsusuri.

6) Na payagang magtanong ng anumang katanungang nauukol sa pagsusuri, bago sumang-ayon sa pagsapi at habang nagpapatuloy ng pagsusuri.

7) Na masabihan na kung anong paggamot ang maaaring matanggap kung may mga komplikasyong maganap.

8) Na tumanggi sa pagsapi o magbago ng isip tungkol sa pagsapi matapos mag-umpisa ang pagsusuri. Ang disisyong ito ay hindi makaaapekto sa inyong karapatang makatanggap ng pag-aaruga na inyong maaaring makuha kung hindi kayo kasali sa pagsusuri.

9) Na makatanggap ng kopya ng pormulayo ng pagsang-ayon na may lagda at petsa.

10) Na hindi mapilitang sumang-ayon sa pagsapi sa pagsusuri.

Kung mayroon kayong ibang katanungan, paki tanong na lamang sa nagsusuri o sa assistant. Sa karagdagan, maaari ninyong tawagan ang Lupon sa Pagrebisa ng mga Institusyon (Institutional Review Board), na ang layunin ay proteksyonan ang mga boluntaryo sa mga pagsusuri. Maaari ninyong tawagan an opisina ng IRB sa telepono bilang (916) 703-9151, mula alas-8:00 ng umaga hanggang alas-5:00 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes, o sa pamamagitan ng pagliham sa Institutional Review Board, CTSC Bldg., Suite 1400, Rm. 1429, 2921 Stockton Blvd., Sacramento, California 95817.

| | |
|---|---|
| Lagda ng Kasapi o<br>Legal na Kumakatawan | Petsa |